

Alice: Magaling.

Tagapagsalaysay: Lalapit si Alice at ang aso sa elevator at pipindutin ang buton. Pagbukas ng elevator, haharangin ni Paul si Alice.

Alice: - Uy Paul.

Paul: - Sandali. Kailangan mo at ng aso na yan na sumakay sa elevator.

Alice: Yung elevator ng kargamento?

Paul: Bakit lagi mong kailangang makipagsiksikan sa elevator na ito kasama ang sasakyan ng lumpo na yan, at durugin ang paa ng mga tao.

Alice: Karapatan kong mag-elevator tulad ng iba pa sa gusali.

Paul: Ah, talaga? Problema din ang aso.

Alice: Siya ang service dog ko.

Paul: Mahusay. Dumidikit ang balahibo sa tao at ayaw ng ilang tao ang aso.

Alice: Alam mo, Paul, pagod na talaga ako sa pagpapahirap mo sa akin tungkol sa wheelchair at sa aso.

Paul: Aba, alam mo? Kailangan mo lang sumakay sa susunod na elevator.

Tagapagsalaysay: Sasarado ang pinto ng elevator at maiiwang naghihintay si Alice.

Alice: Kagagalang ko lang sa opisina mo para hanapin ka. - May ilang minuto ka ba?

Sharon: - Sige, Alice. Anong meron?

Alice: Sawa na ako sa paraan ng pagtrato ni Paul sa akin. - Nakaka ...

Sharon: - Anong nangyari?

Alice: Pinipilit niyang gamitin ko yung elevator ng kargamento sa halip na ang elevator ng pasahero. Ginigipit niya ako tungkol sa wheelchair at service dog ko. Hindi ko na talaga matiis ito.

Sharon: Grabe yan. Punta na tayo sa opisina ko at mag-usap tayo.

Alice: Sige.

Tagapagsalaysay: Tatagpuin ni Sharon si Paul.

Paul: Maraming nangyayari rito sa normal lang na reklamo ng mga nangungupahan. Pakikitungo sa hayop at wheelchair nagpapasikip sa mga elevator...

Sharon: Paul, may karapatan si Alice na gamitin ang elevator tulad ng ibang nangungupahan sa gusali. May iba pa ba maliban sa iyo na nagrereklamo?

Paul: Nagiging mabait lang sila dahil may kapansanan siya. At ang alagang aso na iyon, Ayoko nito.

Sharon: Paul, hindi alaga ang asong iyon. Isa itong service animal. Kailangan ni Alice yung aso para tulungan siya sa araw-araw. Hindi siya mahihigpitan sa paggamit ng mga elevator o karaniwang lugar dahil may service dog siya at wheelchair.

Paul: Eh ano ngayon? Tratatuhin siya nang espesyal?

Sharon: Hindi. Mga makatuwirang akomodasyon, para makatira siya dito tulad ng iba. At Paul, kailangan mong maging mas magalang sa iyong wika. Nakakasakit na tukuyin si Alice na isang baldado.

Tagapagsalaysay: Pinagsabihan si Paul at ipinaalam ito kay Alice, pero Paul...

Alice: Paul, maaari mo bang pakiusap ang iyong hagdan?

Paul: Palagi na lang problema ang lahat sa iyo, diba? Hindi ko alam kung bakit pa gusto mong tumira dito. Wala bang para sa kanila o lugar na matitirhan mo?

Alice: Maaari bang ilipat ang kasangkapan? Sige, tara na.

Paul: Alam mo, ililipat kita.

Alice: Itigil mo yan. Anong ginagawa mo? Itigil mo yan.

Tagapagsalaysay: Hahawakan ni Paul si Alice at itutulak palayo. Kumilos ang tagapamahala ng lugar kaagad bilang tugon sa patuloy na panliligalig ni Paul.

Alice: Sharon, hindi talaga ako makatitira sa isang lugar na pakiramdam ko labis ang diskriminasyon sa akin, at pakiramdam na hindi ako ligtas.

Sharon: Naiintindihan ko. Lubos kong naiintindihan, at humihingi ako ng paumanhin na pinagdaanan mo ito. Gusto kong ipaalam sa iyo na sinuspinde ko si Paul, at iniaatas ko sa kanya na sumulat ng formal apology.

Alice: Talagang gusto ko yan.

Sharon: At meron pa. Upang maibalik sa trabaho, kukuha siya ng sapolitang pagsasanay para sa mga tauhan tungkol sa at sa kamalayan sa paligid. At bukod dyan, kukuha din siya ng bagong pagsasanay namin sa bagong update sa panliligalig na mga patakaran at kasanayan.

Alice: At ipapaalam mo sa akin kung kailan naka-iskedyul ang mga pagsasanay?

Sharon: Oo gagawin ko, at dadalhin ko sa iyo ang mga update pagkakuha ko. At, nais kong siguruhin sa iyo na hindi na ito mauulit.

Alice: Umaasa akong hindi na.